UNIVERSITY OF THE PHILIPPIN
FILIPINIANA SECTION
LIBRARY

Pinapatnubayan
ng
Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong

ANG Bayan

Inilalathala ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas



Buhay na buhay na itinatanghal ang matitingkad na tagpo sa mahabang dula ng buhay at pakikibaka ng rebolusyonaryong mamamayan. Karaniwang mga gerilya, manggagawa, magsasaka, istudyante at iba pa, ang kasama ng mga aktibistang pangkultura sa paghahanda at pagganap sa mga pagtatanghal. At anong init ng pagtanggap ng masa!

Sa mga larangang gerilya, at sa mga piketlayn, pagawaan, palengke't paaralan sa mga kalunsuran, matagumpay na isinusulong ng tanghalang bayan ang rebolusyonaryong edukasyon at propaganda. Basahin sa pahina 12.

NOBYEMBRE 1985

NILALAMAN

Batas laban sa demo, ihilabas ng rehimen 2
Para sa US: Si Marcos pa rin 3
Kasong Aquino, iba pa walang katarungan 6
Inisyatiba ng kasapian 9
Itanghal ang rebolusyon! 12
Martsa ng magsasaka, binuwag; 2 ang patay 16
Rali ng kababaihan 17
Balita 18
Internasyonal 19
Sulat 20

NASA PAHINA 18
ANG IBANG BALITA.

Batas laban sa demo, inilabas ng rehimen

"Isang batas na nagsususpinde sa mga karapatang konstitusyonal ng mamamayan." Ganito tinukoy ng isang bagong tatag na alyansa ng mga grupo ng abugado ang Public Assembly Act na isinabatas kamakailan.

Nagpetisyon ang People's Committee for Democratic Rights (PCDR) sa anim na panrehiyong hukumang sumasaklaw sa buong Metro Manila para pigilin ang pagpapatupad ng antidemokratikong batas.

Bukod sa PCDR, nagpahayag na rin ng pagtuligsa sa batas na ito ang Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN), Bayang Nagkakaisa sa Diwa at Layunin (BANDILA) at Kilusan Para sa Kapangyarihan at Kalayaan (KAAKBAY).

Itinatakda ng batas ang pangangailangang makakuha muna ng permiso sa lokal na pamahalaan ang mga organisador ng anumang pampublikong pagtitipon bago ito maidaos maliban kung ang gayong aktibidad ay isasagawa sa itinatakda ng pamahalaan na mga "freedom park" o kaya'y sa pribadong lugar.

Ang aplikasyon sa pagkuha ng permiso, ayon pa sa batas, ay dapat ipaabot sa tanggapan ng meyor limang araw ng trabaho bago idaos ng pagtitipon. Aaksyunan diumano ito ng meyor sa loob ng dalawang araw ng trabaho pagkatanggap ng aplikasyon. Sakaling ito'y hindi napahintulutan, ang mga organisador ay maaaring maghabla sa korte na siya namang magpapasya sa loob ng 24 na oras pagkasampa ng habla.

Bagamat nakatakda sa batas na ito na hindi bubuwagin ang anumang pampublikong pagtitipon, inililinaw na ito'y sa kundisyon na hindi magulo ang naturang aktibidad. Sa tahasan, itinakda sa batas na kapag walang permiso ang anumang pagtitipong nangangailangan ng permiso, ito'y "mapayapang bubuwagin."

Malinaw na inilalagay nito sa kamay ng lokal na pamahalaan ang kapangyarihan sa pagtatakda na iligal ang anumang pampublikong pagtitipon sa simpleng pagkakait dito ng permiso. Sa ganito rin kasimpleng paraan, mabibigyang-katwiran o nagiging ligal ang paggamit ng dahas sa pagbubuwag sa anumang aksyong masa.

Sa karaniwan, ayon sa mga tumutuligsa, ang lokal na pamahalaan sa sarili nito o sa impluwensya ng awtoridad ng nakatataas ay laging salungat sa mga aksyong masa. Ang batas ay magreresulta ng ibayong pandarahas sa kasalukuyang sumusulong na kilusang masang antidiktadura.

Ang paglalabas ng batas ay itinaon matapos ang karumaldumal na karahasang militar laban sa mapayapang mga aksyong masa na kinatampukan ng masaker sa Escalante, Negros Occidental, noong Setyembre 20 at Taft Avenue, Maynila, noong Oktubre 21. Nais palitawin ng diktadura na mga mamamayan ang may kagagawan ng kaguluhan sa nangyaring mga insidente, kung gayon, kailangang magtakda ng isang batas na tulad ng Public Assembly Act.

Ang aksyong ito ng diktadura ay naglalayong patindihin ang militarisasyon sa likod ng mapanlinlang na repormang "demokratiko" para supilin ang sumusulong na pambansa demokratikong rebolusyon. ●

Bacalla

Isang koronel na kagawad ng pangkalahatang istap ng AFP ang lumisan sa kanyang pwesto noong Oktubre 25 at sumanib sa kilusang anti-Marcos sa US. Sa pagbitiw niya sa kanyang pwesto, sinabi ni Kor. Alexander Bacalla na hindi na niya maatim na isuot ang uniporme ng AFP, na sa ilalim ng diktadura ay tigmak ng dugo ng mga biktima ng pang-aabuso ng militar.

Sinabi rin ni Bacalla na marami pang mataas na upisyal ang aalis sa serbisyo sa darating na panahon bilang protesta sa diktadura at bunga ng demoralisasyon sa hanay ng mga upisyal ng AFP.

Ang unang umalis sa serbisyo para labanan ang rehimeng US-Marcos ay si Tin. Victor Corpus. Hudyat ng pag-alis niya sa serbisyo at pag-anib sa Bagong Hukbong Bayan noong Disyembre 1971 ang reyd ng BHB sa armori ng Philippine Military Academy sa Baguio City. Sumunod dito'y ang paganib sa BHB ni Tin. Crispin Tagamolila noong 1972. Mula noon, may ilan pang sarhento at sundalo ang umalis sa AFP at umanib sa BHB. ●

BALITA

NASA PAHINA 18 ANG IBANG BALITA.

Batas laban sa demo, inilabas ng rehimen

"Isang batas na nagsususpinde sa mga karapatang konstitusyonal ng mamamayan." Ganito tinukoy ng isang bagong tatag na alyansa ng mga grupo ng abugado ang Public Assembly Act na isinabatas kamakailan.

Nagpetisyon ang People's Committee for Democratic Rights (PCDR) sa anim na panrehiyong hukumang sumasaklaw sa buong Metro Manila para pigilin ang pagpapatupad ng antidemokratikong batas.

Bukod sa PCDR, nagpahayag na rin ng pagtuligsa sa batas na ito ang Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN), Bayang Nagkakaisa sa Diwa at Layunin (BANDILA) at Kilusan Para sa Kapangyarihan at Kalayaan (KAAKBAY).

Itinatakda ng batas ang pangangailangang makakuha muna ng permiso sa lokal na pamahalaan ang mga organisador ng anumang pampublikong pagtitipon bago ito maidaos maliban kung ang gayong aktibidad ay isasagawa sa itinatakda ng pamahalaan na mga "freedom park" o kaya'y sa pribadong lugar.

Ang aplikasyon sa pagkuha ng permiso, ayon pa sa batas, ay dapat ipaabot sa tanggapan ng meyor limang araw ng trabaho bago idaos ng pagtitipon. Aaksyunan diumano ito ng meyor sa loob ng dalawang araw ng trabaho pagkatanggap ng aplikasyon. Sakaling ito'y hindi napahintulutan, ang mga organisador ay maaaring maghabla sa korte na siya namang magpapasya sa loob ng 24 na oras pagkasampa ng habla.

Bagamat nakatakda sa batas na ito na hindi bubuwagin ang anumang pampublikong pagtitipon, inililinaw na ito'y sa kundisyon na hindi magulo ang naturang aktibidad. Sa tahasan, itinakda sa batas na kapag walang permiso ang anumang pagtitipong nangangailangan ng permiso, ito'y "mapayapang bubuwagin."

Malinaw na inilalagay nito sa kamay ng lokal na pamahalaan ang kapangyarihan sa pagtatakda na iligal ang anumang pampublikong pagtitipon sa simpleng pagkakait dito ng permiso. Sa ganito rin kasimpleng paraan, mabibigyang-katwiran o nagiging ligal ang paggamit ng dahas sa pagbubuwag sa anumang aksyong masa.

Sa karaniwan, ayon sa mga tumutuligsa, ang lokal na pamahalaan sa sarili nito o sa impluwensya ng awtoridad ng nakatataas ay laging salungat sa mga aksyong masa. Ang batas ay magreresulta ng ibayong pandarahas sa kasalukuyang sumusulong na kilusang masang antidiktadura.

Ang paglalabas ng batas ay itinaon matapos ang karumaldumal na karahasang militar laban sa mapayapang mga aksyong masa na kinatampukan ng masaker sa Escalante, Negros Occidental, noong Setyembre 20 at Taft Avenue, Maynila, noong Oktubre 21. Nais palitawin ng diktadura na mga mamamayan ang may kagagawan ng kaguluhan sa nangyaring mga insidente, kung gayon, kailangang magtakda ng isang batas na tulad ng Public Assembly Act.

Ang aksyong ito ng diktadura ay naglalayong patindihin ang militarisasyon sa likod ng mapanlinlang na repormang "demokratiko" para supilin ang sumusulong na pambansa demokratikong rebolusyon. ●

Bacalla

Isang koronel na kagawad ng pangkalahatang istap ng AFP ang lumisan sa kanyang pwesto noong Oktubre 25 at sumanib sa kilusang anti-Marcos sa US. Sa pagbitiw niya sa kanyang pwesto, sinabi ni Kor. Alexander Bacalla na hindi na niya maatim na isuot ang uniporme ng AFP, na sa ilalim ng diktadura ay tigmak ng dugo ng mga biktima ng pang-aabuso ng militar.

Sinabi rin ni Bacalla na marami pang mataas na upisyal ang aalis sa serbisyo sa darating na panahon bilang protesta sa diktadura at bunga ng demoralisasyon sa hanay ng mga upisyal ng AFP.

Ang unang umalis sa serbisyo para labanan ang rehimeng US-Marcos ay si Tin. Victor Corpus. Hudyat ng pag-alis niya sa serbisyo at pag-anib sa Bagong Hukbong Bayan noong Disyembre 1971 ang reyd ng BHB sa armori ng Philippine Military Academy sa Baguio City. Sumunod dito'y ang pagsanib sa BHB ni Tin. Crispin Tagamolila noong 1972. Mula noon, may ilan pang sarhento at sundalo ang umalis sa AFP at umanib sa BHB. ●

ANG Bayan Taon 17 Bilang 9 Nobyembre 1985



PARA SA U.S.:

Si Marcos pa rin

Mas lantad at aktibo ngayong nakikialam sa Pilipinas ang imperyalismong US para pangalagaan ang kanyang mga interes sa bansa at suhayan ang lokal na reaksyonaryong sistema na niyayanig ng napakatinding krisis.

Namumukod na katangian ng kasalukuyang patakaran ng gubyernong US ang mas sistematiko't ibayong paggamit sa reporismo at panlilinlang, kasabay ng pagpapaigting sa pasismo.

Patuloy na sumusuporta at nakikinabang ang imperyalismong US sa pasistang diktadura ng pangkating Marcos. Nagkakaisa at nagtutulungan ang US at ang pangkating Marcos sa lalong pagpiga sa mamamayan at mas agresibong pagsalakay sa rebolusyonaryong kilusan.

Gayunman, ang US ay dumidistansya sa pangkating Marcos at nagpapalakas ng impluwensya sa ibang lokal na pwersang pampulitika, laluna sa ibang paksyon ng mga naghaharing uri at sa mga konserbatibong bahagi ng mga panggitnang pwersa. Naghahanap at naghahanda rin ang US ng pwedeng ipalit kay Marcos, gayundin ng angkop at makinis na paraan ng pagpapalit sa prinsipal na papet.

Patakaran

Ang kasalukuyang patakaran ng US ay kumprehensibong inilalatag sa "National Security Study Directive: US Policy Towards the Philippines" (o NSSD) na pinirmahan ni Presidente Reagan noong

Mabilis na nagbabagu-bago ang sitwasyon. Di man naisin ng US, laging malaki ang posibilidad na mapilitan itong biglang gumawa ng malalaking pagbabago sa patakaran.

Enero. Sinasaklaw at kinokoordina nito ang magkakasabay na hakbang ng US sa pulitika, ekonomya at militar.

Sa pamamagitan ng buhos ng publisidad sa pandaigdigang masmidya, at tusong pagpili sa mga isyung patatampukin, pinalilitaw ng US na ang kabuuang plano nito sa Pilipinas ay isang plano para sa reporma. Sa katunayan, ang kalakhan ng plano ay ang dati pa ring pakanang pasista, bago nga lamang ang palarang ipinambabalot.

Pinakamatimbang para sa US ang puspusang kampanya sa "kontrainsureksyon." Palatandaan nito ang pagtutol ng administrasyong Reagan sa pagbawas at laluna sa pagputol sa ayudang militar sa rehimeng Marcos kahit may mga alitan tungkol sa pagpapatupad ng mga "reporma."

Kahit nakabitin pa ang diumano'y mapagpasyang reporma sa AFP (pagtanggal kay Hen. Ver at reorganisasyon ng komand), inaprubahan ng administrasyong Reagan ang malaking dagdag sa ayudang militar sa rehimeng Marcos. Ang $40 milyon noong nakaraang taon ay ginawang $70 milyon sa taong ito.

Sa pagdalaw ni Sen. Paul Laxalt noong Oktubre, lumilitaw na isa sa pinakamahalagang layunin ay ang pagpapalaki sa badyet ng AFP, pagdadagdag sa mga pwersang panlaban nito at, mas agresibong kampanya laban sa Bagong Hukbong Bayan. Paulit-ulit na idinidiin sa mga pahayag ng mga upisyal ng US ang paglakas at pagsulong ng hukbong bayan para tuluy-tuloy ang presyur sa rehimeng Marcos na hindi magtantan sa mga kampanyang "kontrainsureksyon."

Kaugnay ng kampanya sa "kontrainsureksyon," binibigyan ng partikular na pansin ng US ang pangangailangan sa "propesyunalisasyon" at reorganisasyon ng komand, pagpapahusay sa pagsasanay at kagamitan, at paglilinis sa reputasyon ng AFP. Sa gayon, magiging mas mabisang makinarya sa "kontrainsureksyon" ang pasistang militar.

Interes din ng US sa "propesyunalisasyon" ang pagpapaluwag sa personal na kontrol ni Marcos sa AFP at ang pagpapalakas naman ng hawak dito ng US. Ginagamit din itong sangkalan ng Pentagon para mas maluwag at tuwirang makialam hindi lamang sa mga panloob na usapin ng AFP kundi maging sa mga kampanya't operasyon laban sa hukbong bayan.

Ang pagharap sa mga problema sa ekonomya ay itinuturing na kritikal ng administrasyong Reagan at sa usaping ito pinakahayag ang malalim na pakikialam nila sa pagdedesisyon at pagpaplano ng rehimeng Marcos. Tuwirang apektado ng krisis sa ekonomya hindi lamang ang mga negosyong US sa Pilipinas kundi maging ang malalaking bangko sa US na bilyunbilyong dolyar ang pautang sa rehimeng Marcos.

Itinutulak ng US ang mahigpit na pagsunod sa mga patakarang idinidikta nito sa pamamagitan ng International Monetary Fund-World Bank (IMF-WB). Ang tuon ng mga patakarang iyon ay ang mga istriktong hakbang sa pagtitipid na ngayo'y nagbubunga ng pagbagsak ng produksyon at negosyong lokal, at sumasalanta sa pamumuhay ng mayorya ng mamamayan.

Mariin din ang US sa ganap na liberalisasyon ng import at mas maluwag pang pagpasok ng dayuhang pamumuhunan, at sa pagkokonsentra ng mga programa't suporta ng gubyerno sa agrikultura. Ang resulta ay pagkabangkrap ng maraming negosyanteng lokal at ang lalong paghigpit ng kontrol ng mga dayuhang kapitalista sa pambansang ekonomya.

Isa pang hinihingi ng US sa rehimeng Marcos ang pagbuwag sa mga monopolyong nakontrol ng pangkating Marcos sa pamamagitan ng burukratikong manipulasyon at panlalamang. Ang mga monopolyong ito ay nakakasagasa sa ilang interes ng mga dayuhang monopolyong kapitalista. Bukod pa, mainit na isyu ito sa anti-Marcos na paksyon ng mga lokal na malaking burgesyang kumprador at panginoong maylupa.

Sa pulitika, ang tuon ng US ay ang pagdaraos ng mga "kapani-paniwalang" eleksyon. Sa gayon, mapipigilan, sa tantya ng US, ang pagbaling ng mamamayan, partikular ng mga panggitnang pwersa, sa rebolusyon. Kasalinsabay nito,



naikakasa rin ang mga kundisyon at proseso para sa mapayapang paligsahan ng mga lokal na reaksyonaryo at makinis na pagsasalin ng kapangyarihan.

Pagsubaybay

Matamang sinusubaybayan ng US ang takbo ng mga pangyayari sa Pilipinas, laluna ang mga aktibidad ng iba't ibang pwersang pampulitika. Pinalalakas nito ang sariling impluwensya't kontrol sa mga reaksyonaryo't konserbatibong oposisyunista. Sumisingit, nanggugulo at nanghahati ito sa mga alyansa at kampanyang antipasista. Puspusan ang pagtatangka nitong ihiwalay ang mga pwersang rebolusyonaryo at progresibo.

Tahasang sinasabi ng administrasyong Reagan na hindi nito layunin ang pagpapabagsak sa rehimeng Marcos o ang pagpapabuway sa gubyerno ng Pilipinas. Sa katunayan, mahalaga ang pagsang-ayon at kooperasyon ng pangkating Marcos sa pagpapatupad sa kalakhan ng mga plano ng US. Kahit sa pagkakasa ng mga kundisyon para sa mapayapang pagpapasa ng kapangyarihan sa hinaharap ay pwersado ang US na kilalanin ang malaking papel ng pangkating Marcos. Ang pangunahing paraang itinakda sa pagpapatupad sa plano ng US ay ang pakikipagbigayan at pakikipagtawaran sa rehimeng Marcos.

Nitong nakaraang ilang buwan, naging malakas ang mga ispekulasyon na may malaking pagpihit na sa patakaran ng US at handa na itong bitiwan ang pangkating Marcos. Resulta ito ng sunud-sunod at maririing pagtuligsa na tinanggap ng rehimeng Marcos mula sa ilang pinuno ng Konggreso at malaking bahagi ng masmidya sa US.

Ngunit sinasalungat ng mga pahayag ng mga susing pinuno ng administrasyong Reagan ang mga ispekulasyong iyon. Ang pag-apruba ng Konggreso ng US sa ilang mahalagang apropriyasyon para sa rehimen ay palatandaan din na nagpapatuloy ang dating pananaw at patakaran na nakasaad sa NSSD. Kahit ang snap election (biglaang eleksyon) sa 1986, kung matutuloy nga, ay halos tiyak na hindi gagamitin sa biglaang pagpapatalsik kay Marcos. Napakaikli ng natitirang panahon, at kung sakali mang tangkain, malamang na magkaroon ng malaking gusot, bagay na pinakaiiwas-iwasan ng US.

Gayumpaman, patuloy na maselan ang sitwasyon, at naninimbang ang US sa iba't iba, mahahalaga, at kadalasa'y magkakasalungat na kunsiderasyon, pangangailangan at layunin. Mabilis na nagbabagu-bago ang sitwasyon; kahit di nito gusto, laging malaki ang posibilidad na mapilitan ang US na biglang gumawa ng malalaking pagbabago sa patakaran. ●

Kasong Aquino, iba pa

Walang katarungan

Pansamantalang pinigil ng Korte Suprema ang nakatakdang pagbababa ng hatol ng Sandiganbayan sa kaso ng dobleng pagpatay kay dating Sen. Benigno Aquino Jr. at kay Rolando Galman. Inaatasan ngayon ng diktador na si Marcos ang kontrolado niyang Korte Suprema na tuluyang tanggihan ang petisyon ng 31 mamamayan na ideklarang tiwali ang naging paglilitis. Anu't anuman, buo na ang pasya ng Sandiganbayan, at malinaw na ipinagkakait ng diktadurang US-Marcos ang katarungan sa kasong ito, gaya rin ng pagyurak sa katarungan sa napakarami pang kaso ng pagpatay, tortyur, iligal na pagkukulong, at iba pang krimen ng pasistang rehimen sa mga mamamayan.

Ipinamumukha sa kasong Aquino-Galman ang katangian ng sistemang panghukuman sa ilalim ng pasistang diktadura, at idinidiin sa mamamayan ang katotohanang para makamit ang katarungan ay dapat silang umasa sa sariling lakas, gapiin ang armadong pwersang nagpapairal ng kawalang-katarungan, at ibagsak ang sistemang panlipunang mapagsamantala at mapang-api. Sa madaling salita, ang usapin ng pagkakamit ng mamamayan ng katarungan ay usapin ng pagsusulong at pagtatagumpay ng rebolusyon.

Kasong Aquino-Galman

Sa simula't simula pa ay wala nang kapag-a-pag-asang makakamit sa Sandiganbayan ang katarungan sa kaso ng pagpatay kay Aquino. Unang-una na, ang diktador na si Marcos at ang iba pang mga utak ng krimen ay di man lamang akusado sa ginawang paglilitis gayong sila ang nagpakana at nag-utos ng pagpatay; isa sa kanila, si Hen. Fabian Ver na pinuno ng AFP, ay isinangkot lamang bilang "accessory matapos ang krimen." Pangalawa, kahit ang nakabababang mga upisyal at sundalo ay ipinagpipilitang ipaabswelto ng rehimen sa pamamagitan ng maraming pagmamaniobra.

Ang nagpakana ng asasinasyon ay si Marcos at ang sirkulo niyang binubuo ng asawang si Imelda, ng makapangyarihang kroning si Eduardo Cojuangco, at ng sunud-sunurang si Hen. Ver. Balisang-balisa sila noon sa maaaring ibunga ng pagbabalik ni Aquino mula sa US sa mga pwersang antidiktadura. Sa napakalaking miskalkulasyon, inakala nilang madaling malinlang ang taumbayan o mapakalma ang indignasyon. Isinakatuparan nila ang asasinasyon sa pag-aakalang uubra pa rin kahit paano ang paghuhugas-kamay sa pamamagitan ng lumang tugtuging ibintang sa mga Komunista ang sariling krimen.

Ngunit sa halip na maimbistigaha't mausig, si Marcos pang pinakautak ng krimen ang nagdireksyon sa paghawak sa kaso. Kung sino pa ang kriminal, siya ang bumuo ng mga lupong tagapagsiyasat, at pumili sa mga kagawad ng Tanodbayan at Sandiganbayan para humawak sa kaso. Sa batas niyang lumikha sa Lupong Agrava, nagpasok din siya ng teknikal na kahinaan kaugnay ng ligalidad ng ingkriminasyon sa sarili ng mga saksi, nang sa paglao'y mapawalang-sala ang mga tauhan niyang kasangkot.

Samantala, ang imperyalismong US na lumikha sa pasistang halimaw ay dapat ding papanagutin sa krimen. Ngunit malayung-malayo ito sa pag-uusig, at nakapagpanggap pa ngang nagtutulak na maigawad ang katarungan. Sinasakyan nito ang paggigiit ng mamamayan sa katarungan para sa sariling paghuhugas-kamay at iba pang maniobra.

Bago naganap ang asasinasyon, buungbuo ang suporta at pangungunsinti ng US sa pagmomonopolyo ng pangkating Marcos sa poder, at halos ganap na ipinupwera ang mga oposisyunistang burges. Katunayan, bahagi ng dahilan ng pag-uwi ni Aquino ang papalamig na pakikitungo sa kanya ng administrasyong Reagan. Matapos ang asasinasyon, pumupuna at dumidistansya ang US sa papet na rehimen, ngunit pinag-iibayo naman nito ang pagbibigay ng suportang pang-ekonomya, pampulitika at militar. Kunwari'y iginigiit ng US na igawad ang katarungan, ngunit ang habol lamang ay magawang katanggaptanggap sa publiko ang hatol, o kaya'y makadistansya rito, at pigilang makabalik si Ver sa pamunuan ng AFP.

Ipinakikita sa kasong ito ang pagkagarapal ng paggamit ng naghaharing pangkating Marcos sa mga ahensya ng estado na pangunahing instrumentong mapanupil ng

Kasong Aquino, iba pa

Walang katarungan

Pansamantalang pinigil ng Korte Suprema ang nakatakdang pagbababa ng hatol ng Sandiganbayan sa kaso ng dobleng pagpatay kay dating Sen. Benigno Aquino Jr. at kay Rolando Galman. Inaatasan ngayon ng diktador na si Marcos ang kontrolado niyang Korte Suprema na tuluyang tanggihan ang petisyon ng 31 mamamayan na ideklarang tiwali ang naging paglilitis. Anu't anuman, buo na ang pasya ng Sandiganbayan, at malinaw na ipinagkakait ng diktadurang US-Marcos ang katarungan sa kasong ito, gaya rin ng pagyurak sa katarungan sa napakarami pang kaso ng pagpatay, tortyur, iligal na pagkukulong, at iba pang krimen ng pasistang rehimen sa mga mamamayan.

Ipinamumukha sa kasong Aquino-Galman ang katangian ng sistemang panghukuman sa ilalim ng pasistang diktadura, at idinidiin sa mamamayan ang katotohanang para makamit ang katarungan ay dapat silang umasa sa sariling lakas, gapiin ang armadong pwersang nagpapairal ng kawalang-katarungan, at ibagsak ang sistemang panlipunang mapagsamantala at mapang-api. Sa madaling salita, ang usapin ng pagkakamit ng mamamayan ng katarungan ay usapin ng pagsusulong at pagtatagumpay ng rebolusyon.

Kasong Aquino-Galman

Sa simula't simula pa ay wala nang kapag-a-pag-asang makakamit sa Sandiganbayan ang katarungan sa kaso ng pagpatay kay Aquino. Unang-una na, ang diktador na si Marcos at ang iba pang mga utak ng krimen ay di man lamang akusado sa ginawang paglilitis gayong sila ang nagpakana at nag-utos ng pagpatay; isa sa kanila, si Hen. Fabian Ver na pinuno ng AFP, ay isinangkot lamang bilang "accessory matapos ang krimen." Pangalawa, kahit ang nakabababang mga upisyal at sundalo ay ipinagpipilitang ipaabswelto ng rehimen sa pamamagitan ng maraming pagmamaniobra.

Ang nagpakana ng asasinasyon ay si Marcos at ang sirkulo niyang binubuo ng asawang si Imelda, ng makapangyarihang kroning si Eduardo Cojuangco, at ng sunud-sunurang si Hen. Ver. Balisang-balisa sila noon sa maaaring ibunga ng pagbabalik ni Aquino mula sa US sa mga pwersang antidiktadura. Sa napakalaking miskalkulasyon, inakala nilang madaling malinlang ang taumbayan o mapakalma ang indignasyon. Isinakatuparan nila ang asasinasyon sa pag-aakalang uubra pa rin kahit paano ang paghuhugas-kamay sa pamamagitan ng lumang tugtuging ibintang sa mga Komunista ang sariling krimen.

Ngunit sa halip na maimbistigaha't mausig, si Marcos pang pinakautak ng krimen ang nagdireksyon sa paghawak sa kaso. Kung sino pa ang kriminal, siya ang bumuo ng mga lupong tagapagsiyasat, at pumili sa mga kagawad ng Tanodbayan at Sandiganbayan para humawak sa kaso. Sa batas niyang lumikha sa Lupong Agrava, nagpasok din siya ng teknikal na kahinaan kaugnay ng ligalidad ng ingkriminasyon sa sarili ng mga saksi, nang sa paglao'y mapawalang-sala ang mga tauhan niyang kasangkot.

Samantala, ang imperyalismong US na lumikha sa pasistang halimaw ay dapat ding papanagutin sa krimen. Ngunit malayung-malayo ito sa pag-uusig, at nakapagpanggap pa ngang nagtutulak na maigawad ang katarungan. Sinasakyan nito ang paggigiit ng mamamayan sa katarungan para sa sariling paghuhugas-kamay at iba pang maniobra.

Bago naganap ang asasinasyon, buung-buo ang suporta at pangungunsinti ng US sa pagmomonopolyo ng pangkating Marcos sa poder, at halos ganap na ipinupwera ang mga oposisyunistang burges. Katunayan, bahagi ng dahilan ng pag-uwi ni Aquino ang papalamig na pakikitungo sa kanya ng administrasyong Reagan. Matapos ang asasinasyon, pumupuna at dumidistansya ang US sa papet na rehimen, ngunit pinag-iibayo naman nito ang pagbibigay ng suportang pang-ekonomya, pampulitika at militar. Kunwari'y iginigiit ng US na igawad ang katarungan, ngunit ang habol lamang ay magawang katanggap-tanggap sa publiko ang hatol, o kaya'y makadistansya rito, at pigilang makabalik si Ver sa pamunuan ng AFP.

Ipinakikita sa kasong ito ang pagkagarapal ng paggamit ng naghaharing pangkating Marcos sa mga ahensya ng estado na pangunahing instrumentong mapanupil ng



kanilang makauring paghahari at ang patuloy na pagtataguyod ng imperyalismong US sa pangkating ito.

'Katarungan' ng pasista

Nagmamaniobrang makalibre sa madugong pananagutan ang pangkating Marcos sa pamamagitan ng mga sangkap ng pasistang paghahari nito: lubusang kapangyarihang diktador ni Marcos, pambabraso at pandarahas ng pasistang militar, at garapal na pagkakasangkapan sa Tanodbayan, sa Sandiganbayan, at maging sa Korte Suprema.

Tampok sa mga maniobrang ito ang paglalagay ng teknikal na kahinaan sa batas na lumikha sa Lupong Agrava, ang pananakot at aktwal na pagpapalaho sa mga saksing magdidiin sa militar; ang pagsasampa ng kaso sa Sandiganbayan na ang talagang saklaw ay mga katiwalian sa gubyerno; ang pagtanggi ng rehimen na ipiit sa ordinaryong bilangguan ang mga akusado; ang pangangako ni Marcos na ibabalik niya sa puwesto si Ver sa sandaling maabswelto na ito; ang pakikipagsabwatan ng Sandiganbayan sa abugado ng mga akusado; ang pagpapawalang-bisa ng Sandiganbayan at ng Korte Suprema sa mahalagang ebidensyang nakalap ng Lupong Agrava laban kina Ver at Olivas at malaking bahagi ng ebidensya laban sa iba pang akusado; at ang walang kisap-matang pagtanggi ng Tanodbayan sa ebidensyang iniaalok ng gubyerno ng US tungkol sa tangkang paghadlang o paglilihis ng Philippine Air Force sa eroplanong sinasakyan ni Aquino. Ginagawa ng rehimen ang lahat upang maabswelto ang mga tauhan nito, upang ipagkait ang katarungan sa kaso ng asasinasyon kay Aquino.

Mas masahol pa ang kinahinatnan ng mga kaso ng pagmamasaker at iba pang pamamatay-tao ng pasistang militar sa iba't ibang rehiyon ng kapuluan kahit bago pa magbatas-militar.

Tingnan na lamang natin sa ilang tampok na halimbawa nitong huling limang taon. Naparusahan ba ang "Lost Command" ng AFP o sinupaman na nagmasaker ng 45 katao sa Las Navas, Northern Samar? Ano na ang nangyari sa kaso ng pagpatay sa "Langoni 9" sa Negros Occidental? Ano na ang kinahinatnan ng masaker sa Guinayangan, Quezon? sa Daet, Camarines Norte? Naparusahan ba ang mga salarin sa pagpatay kay Bobby de la Paz? kina Meyor Cesar Climaco at dating Rep. Jose Lingad? kay Padre Tullio Favali? Pinarusahan ba ang nagpakana ng pagkawala ni Padre Rudy Romano? Naimbistigahan ba ang Philippine Marines na namaril at pumatay ng dalawang kabataan sa Tatalon, Quezon City? May nararating ba ang imbistigasyon sa masaker sa Escalante? May imbestigasyon man lamang ba sa pamamaril ng Metropolitan Police Force sa martsa sa Maynila nitong Oktubre na ikinamatay ng dalawang kabataan?

Kung sa mga kasong ang naisasalang ay maliliit na pasistang upisyal ay walang katarungang iginagawad, lalong desidido ang rehimeng Marcos na maabswelto ang kanyang mga tauhan sa kasong Aquino-Galman, laluna si Ver na napakalapit sa kanyang trono at bistadong napakamasunurin sa kanya. Sa kabilang banda, nagagawa nga ang garapalang pagmamaniobra sa kasong isang bantog na lider ng tradisyunal na oposisyon ang pinatay, isang kasong sinusubaybayan ng madla sa loob at labas ng Pilipinas. Kayat wala na ngang pipigil para basta na lang yurakan ang katarungan sa mga kasong ang mga biktima ay karaniwang mga manggagawa, magsasaka, istudyante, propesyunal o tao ng simbahan.

Kung sa maramihang pagkitil ng buhay ay walang naigagawad na katarungan, paano na lang ang di hamak na mas maraming kaso ng pandarahas, pananakot, panggigipit at pang-aagrabyado ng rehimen at ng mga myembro ng pangkating Marcos sa mamamayan?

Mapaliit ang kaso, o mapalaki man at tawagin pang "Paglilitis ng Siglo," malinaw na walang maaasahang katarungan ang mamamayan sa mga hukuman ng diktadura. Ang mga hatol nila'y tahasang isinasalaksak sa mamamayan sa pwersa ng armas ng pasistang hukbo, tulad din ng kabuuang pagpapairal ng paghaharing diktador. Ang pasistang sandatahang lakas ang pangunahing kasangkapan ng ganitong estado, at ang papel ng mga hukuman sa kabuuang mapanupil na istruktura ay ang pagbibigay ng ligalidad sa pasistang panggigipit at pandarahas.

Katarungan at rebolusyon

Paanong kakamtin ng mamamayan ang katarungan? Sa pamamagitan ng isang masaklaw na kaparaanang nagsasangkot sa mga usapin ng lakas ng mamamayan, pagbabagsak sa mapang-aping lipunan at pagtatayo ng makatarungang lipunan. Isa itong kaparaanang mahigpit na nag-uugnay ng usapin ng katarungan sa kawastuan ng rebolusyon.

Kailangang iwaksi ang nalalabi pang mga ilusyon na ipagkakaloob ng naliliwanagang mga mahistrado o huwes ang tunay na katarungan sa asasinasyon kay Aquino o iba pang kaso. Bagamat pinigil ng Korte Suprema ang promulgasyon ng hatol ng Sandiganbayan nitong Nobyembre 20, hindi na babaguhin ng rehimeng Marcos ang desisyong iabswelto ang sarili. Tama si Gng. Corazon Aquino, byuda ng dating senador, sa paninindigang hindi makakamit ang katarungan sa ilalim ng paghaharing diktador ng pangunahing salarin. Ngunit mahalagang idagdag na kung sina Marcos lamang ang maaalis sa poder ay di pa rin makakamit ang katarungan.

Paanong makakamit ng mamamayan ang katarungan kung di maalis sa poder ang pasistang hukbong salarin sa napakaraming pagpatay at brutal na pananakit sa kanila? Paanong makakamit ang katarungan kung makalilibre sa pananagutan ang imperyalismong US na amo at tagasuhay ng rehimeng Marcos, kung patuloy pa itong makapaghahari sa lipunang Pilipino? Malinaw na hindi makakamit ang katarungan sa pamamagitan lamang ng pagpapalit ng nakaupo sa Malakanyang.

Kailangan ding iwaksi ang ilusyon na ang kawalang-katarungan ay katangian lamang ng pasistang paghaharing militar na ipinataw nong 1972. Para sa malawak na masa, ang mga maniobra ng rehimen sa kasong Aquino-Galman ay talagang di na bago. Pananakot at pagliligpit sa mga saksi, pagsasagawa ng pakitang-taong imbistigasyon ng pulisya o militar, pagpapatagal sa paglilitis, at magaang na trato sa mga akusadong tauhan ng malalakas--ang lahat ng ito'y napakatagal nang bumibiktima sa mga maralita na mayorya ng populasyon. Bago pa magbatas-militar ay lagi nang agrabyado sa mga litigasyon ang karaniwang mga mamamayan.

Sa ganitong kalagayan, ipinaglalaban ng mamamayan ang katarungan sa pamamagitan ng pag-asa sa sariling lakas, hindi sa "kagandahang-loob" ng mga hukom ng mga naghaharing uri.

Kapuri-puri ang magiting na paninindigan ng mga nangangahas lumaban sa rehimen sa loob ng sariling mga hukuman nito at sa harap ng mga lupon ng imbistigasyon. Ang mga hukuman ng rehimen ay nagagawa nilang larangan ng pagbubunyag sa mga pasistang krimen at sa kahungkagan mismo ng sistemang pangkatarungan ng diktadura. Ngunit ang anumang kapangahasan ay tunay na magiging mabunga at matagumpay kung ito'y magiging bahagi ng masaklaw na pakikibaka.

Ang tunay na larangan ng paglaban para sa katarungan ay ang mga kabundukan at lansangan. Sa mga larangan ng pakikidigmang gerilya at sa militanteng "Parlamento ng Lansangan," isinusulong ng milyun-milyong mamamayan ang pakikibaka di lamang para sa katarungan kundi para sa malaya't demokratikong lipunan. Sa mga larangang ito pinalalasap ng sunud-sunod na pagkatalo ang rehimen at doon din binubuo ang makapangyarihang lakas na ultimong magbabagsak sa rehimen.

Hindi pinalalampas ang mga pagpatay at iligal na pagkukulong ng rehimen nang walang pagtuligsa ng kilusang masa sa Pilipinas at sa ibayong-dagat. Laluna't namamaksimisa ng masmidya ang epekto ng protesta ng masa, malaki ang nagagawa nito para ibayo pang ibukod ang pasistang rehimen sa pambansang opinyong publiko at maging sa pananaw rito ng ibang bansa. Malaki rin ang nagagawa ng ganitong mga pagbubunyag para maitulak ang rehimen na rendahan ang susunod pa nitong mga pandarahas.

Bakit kailangang armado ang pakikibaka para sa katarungan? Sapagkat ang kapangyarihan ng kalaban ay nakasandig sa pasistang armadong lakas na walang atubiling ginagamit ng rehimen upang igiit at protektahan ang sariling mga interes. Nagawa nina Marcos ang ganoon katraydor at ganoon kagarapal na asasinasyon sa sarili nilang kauri, isang lider ng tradisyunal na oposisyon na nananawagan ng pakikipagkasundo at hindi para sa pundamental na pagbabago ng lipunan. Kaya naman para lamang namumuksa ng hayop kung pagpapatayin ng rehimen ang karaniwang mamamayang maralita, laluna ang mga nakikibaka para sa makatarungang kaayusang panlipunan.

Sariling armadong lakas ang ultimong magtatanggol sa kapakanan ng mamamayan sa harap ng kawalang-katarungan ng bulok na lipunan. Armadong rebolusyon ang panggapi nila sa armadong kontrarebolusyon.

Makakamit lamang ang katarungan kapag hawak na ng malawak na masa ang kapangyarihang isulong ang kanilang mga interes at ipagsanggalang ang kanilang mga karapatan. Ibig sabihin, kapag maibagsak na ang sistemang panlipunang pinaghaharian ng mga mapagsamantala at mapang-api. Ang katarungan ay makakamit lamang bilang bahagi ng pambansa at makauring kalayaan ng mamamayan. Makakamit lamang ito sa isang makatarungang lipunan. ●

SA MGA USAPIN, GAWAIN:

Inisyatiba ng kasapian

Pagkakaisa sa pagkilos. Ito ang diwa ng sentralisadong pagkakaorganisa ng ating Partido. Ngunit ang sentralismong ito'y nakabatay sa demokrasya. Ang ating nagkakaisang pagkilos ay militanteng pagkakaisa. Ang ating disiplina't militansya ay nakaugat sa malusog na pag-iral ng demokrasya sa buhay ng ating organisasyon.

Ang masiglang pagkukusa't kakayahang magsarili ng ating mga kasapi't organisasyon ay sukatan ng kalidad ng demokrasya at sumasalamin sa sentralismong umiiral sa Partido. Matalas itong naipapahayag sa aktibong paglahok sa mga diskusyong pampartido, sa mapanlikhang pagtupad sa mga tungkulin, at sa mataas na kamulatan sa pagtangan sa disiplina.

Mahirap matugunan ang lumalaking hamon sa pamumuno ng Partido nang walang katumbas na paghamon sa inisyatiba ng ating mga kasapi. Payabungin natin ito sa gitna ng dumarami't bumibigat na mga usapin at gawaing pampartido. Habang tinitiyak ang pagsulong ng buong Partido sa iisang direksyon, pasiglahin natin nang husto ang pagkukusa't nagsasariling pagkilos ng ating mga organisasyon. May natatanging importansya ito kung isasaalang-alang na tayo'y nakikidigma sa magkakalayong bahagi ng kapuluan.

Demokrasya at sentralismo

Ang sentralismo ng Partido ay demokratiko. Isang sentralismong nakabatay sa demokrasya. Isang demokrasyang ginagabayan ng sentralismo.

Tinitiyak ng sentralismo ang pagkakaisa ng tiyak na pagkilos ng organisasyon alinsunod sa mga desisyon ng Partido. Di nito pinapayagan ang anumang sumisira't lumalabag sa pagkakaisang ito. Lahat ng desisyon ay dapat ipatupad nang walang pasubali. Lahat ng kasapi ay saklaw ng disiplina nang walang pagtatangi. Ang interes ng bahagi ay nakapailalim sa interes ng kabuuan.

Ngunit ang pangangailangan sa nagkakaisang pagkilos ay di dapat mangahulugan ng pagsagka sa malusog na pag-iral ng demokrasya sa loob ng Partido. Ang pagpapahigpit ng sentralismo ay di salungat sa pagpapasigla ng demokrasya. Katunayan, sila'y kundisyon sa pag-unlad ng isa't isa.

Ang ating pinipigil ay ang labis na demokrasya na nagpapahina imbis na nagpapalakas sa sentralismo--isang "demok-



Mahirap matugunan ang lumalaking hamon sa pamumuno ng Partido nang walang katumbas na paghamon sa inisyatiba ng ating mga kasapi.

rasyang" sumisira sa pagkakaisa sa pagkilos, lumalabag sa programa't mga alituntunin, at sumasalungat sa diwa ng Partido. Ito'y burges na tipo ng demokrasya na ipinapauna ang interes ng bahagi sa interes ng kabuuan.

Kailangan natin ng mataas na antas ng sentralismo na nakabatay sa mataas na antas ng demokrasya. Binubuo natin ang mga desisyon sa saligang kaparaanan ng mga demokratikong diskusyon at alinsunod sa demokratikong prinsipyo ng pagpapailalim ng interes ng bahagi sa interes ng kabuuan. Ipinatutupad natin ito sa kaparaanan ng mahigpit ngunit mapanlikhang pagkilos, istriktong kumakapit sa diwa ng patakaran habang pleksible itong isinasapraktika. Tinitiyak natin ang katumpakan nito sa kaparaanan ng praktika at iwinawasto kung napapatunayang mali ng karanasan. Ang buong proseso ng sentralisadong pamumuno ay nakabatay sa mga prinsipyo at sistema ng panloob na demokrasya ng Partido. Ito ang demokratikong sentralismo ng Partido.

Makakamit ang mabisang pamumuno kung ito'y isinasandig sa pinakamalawak na demokratikong batayan. Ang ating prinsipyo ay palawakin sa abot ng makakaya, batay sa mga restriksyon ng lihim na pagkilos, ang partisipasyon ng kasapian sa pagsusuri't pagtatalakay ng iba't ibang usaping hinaharap ng Partido. Ito'y upang matiyak ang mas matibay na batayan para sa tumpak na mga desisyon, mamobilisa ang buong kakayahan ng Partido na mag-isip, at maging mulat ang disiplina sa loob ng Partido.

Matitiyak ang malusog na pagyabong ng demokrasya kung ito'y ginagabayan ng sentralisadong pamumuno. Kailangang itakda ng pamunuan ang wastong balangkas at layunin ng mga diskusyong pampartido at gawin itong makabuluhan sa unipikadong pagkilos ng organisasyon.

Sukatan ng kalidad kapwa ng demokrasya't sentralismo ang pagsigla't pagyabong ng pagkukusa't pagsasarili sa pagkilos ng mga kasapi't organisasyon ng Partido. Malusog ang demokrasya kung ang mga kasapi ay mulat sa kanilang kalayaan at karapatang ipahayag ang kanilang mga opinyon sa iba't ibang usaping pampartido alinsunod sa mga tamang kaparaanang itinatakda ng organisasyon. Mahusay ang sentralismo kung nalilikha nito ang pangkalahatang kundisyong bukas at humihikayat sa masiglang mga talakayan at malusog na mga tunggalian. Binibigyan nito ng malaking puwang ang pagkukusa't nagsasariling pagkilos ng mga organisasyon ng Partido sa balangkas ng sentralisadong pamumuno.

Diskusyong pampartido

Tanda ng masiglang inisyatiba sa loob ng Partido ang aktibong paglahok ng mga kasapi sa mga diskusyong pampartido at tunggaliang pang-ideolohiya. Hinihikayat natin sa loob ng Partido ang mapanuring pag-iisip, pagpapahayag ng opinyon at malusog na pakikipagtunggali. Pinasisigla nito ang inisyatiba sa larangan ng ideolohiya. Kung wala ang ganitong proletaryong katangian, ang demokrasya sa loob ng Partido ay magiging bagay na binabanggit-banggit lamang at mahihirapang tunay na umiral.

Hinihingi ng militanteng pamantayan ng Partido ang masiglang pagkukusa't paglahok ng mga kasapi sa pagsusuri't pagtatalakay ng iba't ibang usapin, kapwa sa larangang teoretikal o praktikal. Ito ang pinakamagaling na paraan ng pag-aangat ng pangkalahatang antas ng kamulatan at kasanayan ng Partido.

Ngunit may ilang kundisyong naglilimita sa inisyatibang ito ng kasapian ng Partido. Isa na ang antas ng teoretikal na kamulatan. Malaking bilang ng kasapian ay relatibong baguhan bunga ng mabilis na paglawak sa nakaraang ilang taon. Nakakaapekto ang problemang ito sa kanilang kumpyansang magpahayag ng mga opinyon, laluna ang masiglang makipagtunggali, sa mga kumplikadong usapin.

Mayorya ng ating mga kasapi ay mula sa hanay ng masang anakpawis. Kailangan pang maabot, hindi lang sa ilang organisasyon ng Partido, ang antas na ang kanilang puspusang kasiglahan sa praktikal na pagkilos ay umapaw sa aktibong paglahok sa mga tunggaliang pang-ideolohiya. Bukod pa sa problema ng teoretikal na kumpyansa, nauugat ang kahirapang ito sa makunat na impluwensya ng kulturang pyudal na kanilang kinagisnan sa bulok na lipunan.

Isa ring kundisyong sumasagka sa

inisyatiba ang negatibong aktitud sa mga tunggaliang pang-ideolohiya. Masigla ang inisyatiba ng mga pinamumunuan sa mga tunggalian kapag ang mga namumuno ay bukas ang isip sa magkakaibang opinyon, matapat tumanggap ng mga kahinaan, at mapanghikayat sa pakikipagtalakayan sa nakabababang antas. Pero kapag ang kabaliktaran ang istilo ng namumunong kadre, gumagapang sa pinamumunuan ang pagbabantulot na ilarga ang kanilang inisyatiba sa talakayan at mapangahas sa paghahapag ng tanong at opinyon.

Sa kabilang banda, di rin malusog at salungat sa diwa ng Partido ang pagkikimkim ng opinyon sa mga pulong ng Partido laluna kapag salungat ito sa posisyon ng namumunong kadre o patakaran ng namumunong organo. Ang ilan sa atin ay parang napapasong makipagtunggali kapag ang kaharap ay nakatataas ang katayuan sa Partido. Sumasalamin ito sa maluwag na pagtangan natin sa diwa ng responsibilidad ng kasapian sa mga usaping pampartido at responsibilidad din ng kasapian sa superbisyon sa mga namumunong kadre.

Ang mga pagsisikap ng Partido na itaas ang pangkalahatang teoretikal na antas ng buong organisasyon ang susing hakbang sa pagpapasigla sa inisyatiba sa ating hanay. Ang pagpapalalim ng mga pag-aaral sa mga usapin ng linya, patakaran, at mga saligang prinsipyo ng Marxismo-Leninismo ang magbibigay ng kumpyansa sa aktibong paglahok sa mga diskusyong pampartido. Kaugnay nito ay ang paglalatag ng mga paborableng kalagayan at angkop na daluyan para sa mas masiglang mga talakayan at tunggaliang pang-ideolohiya. At para rito, kailangang maibigay sa kasapian ang kinakailangang mga kaalaman at impormasyon para aktibong makapagpahayag at makipagpalitan ng opinyon sa loob ng balangkas na itinatakda ng namumunong organo. Kinakailangang palalimin din ang pag-intindi sa demokratikong sentralismo at maging mulat ang bawat kasapi sa kanilang mga tungkulin at karapatan na itinatakda ng Saligang Batas ng Partido.

Mapanlikhang praktika

Tanda rin ng masiglang inisyatiba ang mapanlikha't pleksibleng pagganap sa ating mga tungkulin, laluna sa larangang pampulitika. Ang diwang ito ay matingkad na ipinamamalas din sa larangang militar sa pag-aangkop ng mga prinsipyong pang-operasyon at mga pangkalahatang tungkulin ng Bagong Hukbong Bayan sa magkakaibang kalagayan sa buong kapuluan. Ang mapanlikha't pleksibleng pagkilos sa loob ng pangkalahatang balangkas ng sentralisadong pamumuno ay mapagpasya sa mahusay at mabungang pagganap sa mga gawain sa magkakaibang kalagayan.

Kapag malinaw ang diwa--ang layunin at batayan--ng isang atas, mahigpit natin itong naipapatupad sa mapanlikha at pleksibleng paraan anuman ang partikularidad ng sitwasyong sinasaklaw ng atas. Kusa rin nating nasusunggaban ang mga biglang pagkakataong inaalok ng sitwasyon nang buo ang kumpyansa kapag malinaw ang lohika ng pangkalahatang patakaran o gawain. Pinatutunayan ito ng mayamang karanasan sa kusang pagbubuo at paglulunsad ng iba't ibang porma ng organisasyon at pakikibaka batay sa mga kongkretong kundisyon, nang di lumilihis sa naitakdang direksyon.

Ngunit kapag ang mas isinasaulo ay ang mga eksaktong letra ng atas at hindi pa ang diwa nito, madalas bumabara ang pagpapatupad laluna kapag tumitingkad ang partikularidad ng sitwasyon o may biglaang pagbabagong di inaasahan ng direktibang ating minemorya. Natatakot tayong paandarin ang ating inisyatiba sa ganitong kalagayan sa kakulangan ng kumpyansa sa tamang ihahakbang. Kabuntot nito ang tendensyang labis na umasa sa mga ispisipikong atas dahil sa kakulangan ng kumpyansang kumilos nang nagsasarili. Nakukumplika ang kahinaang ito kapag inako naman ng namumunong organo ang "responsibilidad" na ito. Magbubunga ito di lamang ng pagpurol ng inisyatiba ng mga nakabababang antas kundi ng pagkakalulong ng namumunong organo sa partikular na paggabay nang naisasakripisyo ang pangkalahatang pamumuno.

May mga kundisyong ang mga ditalyadong atas ay lubhang kinakailangan. Ito'y kapag napakaselan ng partikular na usapin at walang gaanong partikularidad ang sinasaklaw na mga sitwasyon o ang mismong sitwasyong sinasaklaw ng direktiba ay napakapartikular. Ngunit ang gawing pangkalahatan ang ganitong istilo ng pag-aatas ay sumasakal sa pagkukusa, nagpapasikip sa gagalawan ng nagsasariling pagkilos, at nagpapasibol ng tendensyang palaasa sa ispisipikong paggabay. Ang pagpurol ng inisyatiba ang nagbubunga ng mekanikal na istilo ng paggawa, nagpapalimita sa mga letra ng direktiba habang di pinapansin ang partikularidad ng magkakaibang sitwasyon.

Nasa daliri ng masang kasapian ang likas na mapanlikhang kakayahan. Sila ang tuwirang nakapupulso sa sitwasyon. Umaagos sa kanilang praktika ang sariwang karanasan ng pang-araw-araw na pakikibaka. Sa patuloy na pagtataas ng kanilang teoretikal na kaalaman at pagpapasapol sa diwa ng bawat patakaran, napadadaloy ang kanilang inisyatiba sa mapanlikha't pleksibleng praktika. Kung malinaw sa kanila ang layunin at batayan, ang lohika at diwa ng bawat tungkulin, mapangahas nila itong maipatutupad nang may pagsasaalang-alang sa partikularidad ng mga sitwasyon. Sa pagtatakda ng mga gawain, mulat nating binibigyan ng malaking puwang ang pagkukusa't pagsasarili sa pagkilos ng mga pinamumunuang yunit. Ito'y upang sila'y pleksibleng makagalaw batay sa kanilang kongkretong kalagayan.

Mulat na disiplina

Kung ang demokrasya't sentralismo ay mahusay nating napagsasanib sa buhay pang-organisasyon ng Partido, gayundin dapat ang inisyatiba't disiplina na mga partikular na ekspresyon ng bawat isa.

Ang ating disiplina ay kapwa bakal at mulat na disiplina. Lagi nating ipinaiilalim ang interes ng sarili sa interes ng kabuuan. Hindi man tayo sang-ayon sa isang atas, mahigpit natin itong ipinatutupad at sinisikap ipagtagumpay. Ito ang bakal na disiplinang nagbibigkis sa pagkilos ng Partido. Ang paglabag sa disiplinang ito ay hindi aplikasyon ng inisyatiba sa loob ng Partido kundi pagtataguyod ng anarkismo sa organisasyon.

Ngunit ang ating disiplina ay di nangangahulugan ng bulag na pagsunod. Kasabay ng mahigpit na pagtupad sa anumang desisyon ng Partido, karapatan at tungkulin nating ipahayag ang ating reserbasyon o pagtutol sa katumpakan nito. Hinihingi ng Partido sa bawat kasapi nito ang mataas na antas ng responsibilidad sa pagtangan sa mga tungkulin. Kung mayroon tayong di pagsang-ayon sa isang atas, at mayroon pang panahong maghabol bago ito ipatupad, ito'y di dapat ipagsawalang-bahala. Tayo'y may ganap na kalayaan at karapatan na magkusang ipaabot sa kinauukulan ang anumang kahilingan sa pagbabago sa atas. Kung ang kinauukulang organo ay nanindigan sa orihinal na atas, tungkulin nating ito'y walang pasubaling ipatupad. Gayunman, hindi nito pinipigil ang ating karapatang ipagpatuloy ang pakikipagtunggali sa tamang kaparaanang pang-organisasyon.

Usapin ng mulat na disiplina ang kritikal na pag-aaral sa bawat patakaran ng Partido. Umaalinsunod sa diwa ng Partido ang pagtitiyak at pagpapahayag ng ating indibidwal o kolektibong pagsang-ayon o pagtutol sa mga ito. Kailangan ng Partido ang mga kadreng nangangahas at nagkukusang maghapag ng sariling mga katanungan, opinyon, reserbasyon at mungkahi sa mga usaping kinakaharap ng Partido. Hindi natin ginagamit ang awtoridad ng disiplina para piliting baguhin ng sinumang kasapi ang kanyang opinyon o pigilan ang pagtatalakay nito sa tamang mga daluyang pampartido.

Ngunit mulat tayo sa hangganan sa pagitan ng maka-Partido at anti-Partidong mga aksyon at pananaw. At ang hangganang ito ay iginuguhit ng programa, mga alituntunin, at mga kapasyahan ng Partido. Ang hangganang ito ang mahigpit na pinangangalagaan ng disiplina ng Partido at buong kasapian nito. At sa loob ng hangganang ito, tinitiyak at pinayayabong ng demokratikong sentralismo ng Partido ang masiglang pagkukusa't nagsasariling pagkilos ng bawat kadre't kasapi alinsunod sa militanteng diwa ng Partido. ●

Itanghal ang rebolusyon!



"Totoong-totoo!" ang bulalas ng mga taong baryo matapos mapanood ang pagtatanghal ng mga Pulang mandirigma at aktibistang kabataan ng dulang "Isang Dakot na Lupa." Isinasalarawan ng dula kung paanong ang isang magsasakang "masunuring alipin" ay naging aktibong pwersa ng panlipunang pagbabago. Matapos ang pagtatanghal, ispontanyong nagpatuloy ang kantahan, pagtula at pagsayaw. Sa mga sandaling iyon, ang nagtatanghal naman ay ang kani-kanina'y mga manonood.

Ang tagpong ito sa isang larangang gerilya sa Samar ay halimbawa lamang ng lumalaganap, sumisigla at yumayabong na tanghalan ng sambayanan sa buong kapuluan.

Sa kanayunan at kalunsuran, isinusulong ng rebolusyonaryong masa sa pangunguna ng mga progresibong manggagawang pangkultura ang isang sining na itinatanghal na tumutugon sa pambansa-demokratikong interes ng sambayanang Pilipino. Binabaka nito, sa larangan ng sining, ang mga lumang kaisipan na sumasagka sa pag-unlad ng lipunan. Pinalalaya nito ang isip ng masang Pilipino sa gapos ng kolonyal, burges at pyudal na kultura at binibigkis sila sa pambansa, syentipiko at makamasang kultura upang bigyang-daan ang pagsusulong ng lipunan.

Katangian

May mahalagang papel na ginagampanan ang tanghalang bayan sa entablado ng pambansa-demokratikong rebolusyong pangkultura. Tulad ng iba pang porma ng sining at panitikan, ang tanghalang bayan ay may katangi-tanging papel sa pagmumulat, pagpapakilos at pagpapasigla sa masa ng sambayanan. Isinasalin sa mga makasining na anyo ang mga rebolusyonaryong panawagan at ito ay naipapalaganap at kumikintal sa isip at damdamin ng mamamayan.

Namumukod sa iba pang anyo ng sining, may ispesyal na katangian ang sining na itinatanghal. Kinokonsentra nito ang iba't ibang anyo ng sining tulad ng pagkanta, biswal at panitikan sa isang pagtatanghal. Bilang isang midyum, buhay na buhay na ihinahatid nito ang isang mensahe sa dinamikong paraan sa pamamagitan ng tuwirang pagtatanghal. Ang bawat proseso--mula sa paglikha ng itatanghal hanggang sa mismong pagtatanghal--ay hindi aktibidad ng isang indibidwal lamang kundi pagsasanib ng samasamang mapanlikhang kakayahan.

Ngunit ang nagbibigay ng kabuluhan sa itinatanghal na sining ay ang dinadalang oryentasyon at nilalaman nito.

Ang burges na tanghalan ay nagsisilbi sa pambabaluktot o pagtatakip sa panlipunang realidad. Pinalalabo nito ang kaapihan ng masa sa artistikong paraan. Hindi lang nito inaaliw ang masa sa kanilang kahirapan, pinagkakakitaan pa ang ganitong pang-aaliw. Kung ipakita man ang kahirapan at kaapihan ng masa, batbat ito ng mga ideya ng pagsuko sa kapalaran, kawalan ng pag-asa, at eskapismong tinatambalan ng kaisipang "sining para lang sa sining."

Sa kabilang banda, inilalarawan naman ng tanghalang bayan ang panlipunang katotohanan at naglilingkod ito sa tunay na interes ng sambayanang Pilipino. Kung gayon, naglilingkod ito sa pagsusulong ng rebolusyon.

TANGHALANG BAYAN: ang masa ay di lamang tagapanood, sila *rin* ay mga tagapagtanghal.

Pinagkakaisa nito ang mamamayan upang sa iisang puso at isipan ay harapin ang kaaway. Tinitipon nito ang kalat-kalat at hiwa-hiwalay na mga kongkretong karanasan ng masa at ibinabalik sa kanila sa isang makasining na anyo, konsentrado, at nagbibigay ng pangkalahatang pananaw at rebolusyonaryong direksyon. Sa pamamagitan ng angkop na porma, itinatanghal dito di lamang ang pang-aapi't pagsasamantalang dinadanas ng mga manggagawa, magsasaka at iba pang demokratikong uri't sektor ng lipunang Pilipino kundi pati ang makapangyarihang lakas nila sa pagpapasya sa takbo ng kasaysayan.

Lumitaw at umunlad ang tanghalang bayan sa proseso ng pakikibaka ng sambayanan. Kaiba sa tanghalang burges na eksklusibong ipinalalabas sa mga teatro, namamalas ang tanghalang bayan sa kaibuturan ng pakikibaka ng mamamayan: sa kabukiran, kagubatan o kalunsuran; sa rali at martsa at barikada; sa mga piket ng mga nagwewelgang manggagawa, gayundin sa teatro't awditoryum; hanggang sa loob ng mga piitan ng pasistang rehimen.

ratikong interes ng sambayanang Pilipino. Binabaka nito, sa larangan ng sining, ang mga lumang kaisipan na sumasagka sa pag-unlad ng lipunan. Pinalalaya nito ang isip ng masang Pilipino sa gapos ng kolonyal, burges at pyudal na kultura at binibigkis sila sa pambansa, syentipiko at makamasang kultura upang bigyang-daan ang pagsusulong ng lipunan.

Katangian

May mahalagang papel na ginagampanan ang tanghalang bayan sa entablado ng pambansa-demokratikong rebolusyong pangkultura. Tulad ng iba pang porma ng sining at panitikan, ang tanghalang bayan ay may katangi-tanging papel sa pagmumulat, pagpapakilos at pagpapasigla sa masa ng sambayanan. Isinasalin sa mga makasining na anyo ang mga rebolusyonaryong panawagan at ito ay naipapalaganap at kumikintal sa isip at damdamin ng mamamayan.

Namumukod sa iba pang anyo ng sining, may ispesyal na katangian ang sining na itinatanghal. Kinokonsentra nito ang iba't ibang anyo ng sining tulad ng pagkanta, biswal at panitikan sa isang pagtatanghal. Bilang isang midyum, buhay na buhay na ihinahatid nito ang isang mensahe sa dinamikong paraan sa pamamagitan ng tuwirang pagtatanghal. Ang bawat proseso--mula sa paglikha ng itatanghal hanggang sa mismong pagtatanghal--ay hindi aktibidad ng isang indibidwal lamang kundi pagsasanib ng samasamang mapanlikhang kakayahan.

Ngunit ang nagbibigay ng kabuluhan sa itinatanghal na sining ay ang dinadalang oryentasyon at nilalaman nito.

Ang burges na tanghalan ay nagsisilbi sa pambabaluktot o pagtatakip sa panlipunang realidad. Pinalalabo nito ang kaapihan ng masa sa artistikong paraan. Hindi lang nito inaaliw ang masa sa kanilang kahirapan, pinagkakakitaan pa ang ganitong pang-aaliw. Kung ipakita man ang kahirapan at kaapihan ng masa, batbat ito ng mga ideya ng pagsuko sa kapalaran, kawalan ng pag-asa, at eskapismong tinatambalan ng kaisipang "sining para lang sa sining."

Sa kabilang banda, inilalarawan naman ng tanghalang bayan ang panlipunang katotohanan at naglilingkod ito sa tunay na interes ng sambayanang Pilipino. Kung gayon, naglilingkod ito sa pagsusulong ng rebolusyon.

TANGHALANG BAYAN: ang masa ay di lamang tagapanood, sila rin ay mga tagapagtanghal.

Pinagkakaisa nito ang mamamayan upang sa iisang puso at isipan ay harapin ang kaaway. Tinitipon nito ang kalat-kalat at hiwa-hiwalay na mga kongkretong karanasan ng masa at ibinabalik sa kanila sa isang makasining na anyo, konsentrado, at nagbibigay ng pangkalahatang pananaw at rebolusyonaryong direksyon. Sa pamamagitan ng angkop na porma, itinatanghal dito di lamang ang pang-aapi't pagsasamantalang dinadanas ng mga manggagawa, magsasaka at iba pang demokratikong uri't sektor ng lipunang Pilipino kundi pati ang makapangyarihang lakas nila sa pagpapasya sa takbo ng kasaysayan.

Lumitaw at umunlad ang tanghalang bayan sa proseso ng pakikibaka ng sambayanan. Kaiba sa tanghalang burges na eksklusibong ipinalalabas sa mga teatro, mamamalas ang tanghalang bayan sa kaibuturan ng pakikibaka ng mamamayan: sa kabukiran, kagubatan o kalunsuran; sa rali at martsa at barikada; sa mga piket ng mga nagwewelgang manggagawa, gayundin sa teatro't awditoryum; hanggang sa loob ng mga piitan ng pasistang rehimen.

Pangkulturang sandata

Bahagi na ng mahabang pangkulturang kasaysayan ng sambayanan ang sining na itinatanghal. Ang tanghalang bayan naman ay pagpapatuloy ng rebolusyonaryong tradisyon ng sining na itinatanghal. Pagpapatuloy ito ng makabayang diwang itinatanghal sa mga sarswela at duplo noong panahon ng pakikibaka sa kolonyalismong US at bodabil noong panahon ng pananakop ng imperyalismong Hapones.

Ihinudyat ng Rebolusyonaryong Sigwa ng 1970-72 ang muling pagsigla at paglaganap ng tanghalang bayan. Mula noon, nagkaroon na ito ng natatanging lugar sa mga pangmasang mobilisasyon, edukasyon at propaganda. Mula noon, ito'y naging mabisang pangkulturang sandata ng demokratikong rebolusyon ng bayan.

Higit na binibigyang-sigla ng mga itinatanghal na sining ang mga pangmasang mobilisasyon, maging ito'y sa paghahanda o aktwal na aksyong masa. Itinatanghal ang mga dula, kanta, tula at iba pa bilang bahagi ng pampulitikang propaganda at ahitasyon para sa mabilis na pagpupukaw at pagpapakilos sa masa. Kahit sa harap ng matinding panunupil, naitatanghal ang "dramang iglap" sa mapanlikhang paraan ng mga pwersa ng tanghalang bayan. Itinatanghal ito sa mga matataong lugar tulad ng palengke, plasa at punong lansangan, at natatapos ito sa loob ng 10 hanggang 20 minuto: sapat para maghatid ng mensahe bago dumating ang kaaway.

Tumutulong din ang mga pagtatanghal sa pangmasang edukasyon. Sa pook-hangganang Quezon-Bikol halimbawa, ang masa ay natututo ng ilang pamamaraan sa pagdidisarma sa kaaway sa pamamagitan ng makasining na pagtatanghal dito ng mga Pulang mandirigma. Sa isang larangang gerilya naman sa Gitnang Luson, nagpalabas ng isang iskit ang isang iskwad-geriliya na tumatalakay sa disiplina ng hukbong bayan. Ipinakita naman sa sumunod na tagpo ang tama: mga Pulang mandirigmang masiglang nakikipagtalakayan sa masa at lumalahok sa produksyon.

Ang mga aral na hango sa mga kongkretong karanasan ay naipapalaganap sa muling pagsasabuhay nito sa tanghalan, at aktwal pa ngang nakaranas ng mga pangyayari ang ilan sa mga gumaganap. Maaaring ito'y karanasang depensibo at opensibo ng hukbong bayan, o karanasan ng masa sa pakikipagkumprontasyon sa kaaway.

Mangyari pa, ang tanghalang bayan ay masasabing bahagi na ng pang-araw-araw na pangkulturang pamumuhay ng rebolusyonaryong masa. Lagi nang tampok na bahagi ito ng mga palatuntunan na gumugunita sa mga rebolusyonaryong okasyon, paggunita sa mga martir ng sambayanan, o sa karaniwang pagtitipon. Ang bawat pagtatanghal ay nag-aarmas sa masa ng mapanlabang diwa at determinasyon sa pagharap sa pang-araw-araw na hamon.

Pagsulong

Ang pag-unlad ng tanghalang bayan--ligal at iligal, hayag at lihim, sa kanayunan at kalunsuran--ay umaagapay sa kabuuang pagsulong ng rebolusyon. Kapwa sa pampulitikang nilalaman at makasining na anyo, sinasalamin ng pag-unlad na ito ang lalim at saklaw ng pagkakaugat ng rebolusyon sa masang Pilipino.

Sa isang banda, napakahalaga ng popularisasyon, sa kalagayang ang rebolusyon ay higit pang nagpapalawak ng impluwensya at pwersa. Ang aplikasyon nito sa tanghalan ay ang paggamit ng mga praktikal na pormang madali at mabilis na gawin at itanghal tulad ng mga iskit, pagkanta at pagtula. Sumasagot ito sa kagyat na pangangailangang mapukaw ang malawak na masa sa pinakamabilis at pinakamalaganap na paraan. Natural ding mangyari ito sa kalagayang ang malaking

Kapwa sa pampulitikang nilalaman at makasining na aspeto, sinasalamin ng pag-unlad ng tanghalang bayan ang lalim at lawak ng pagkakaugat ng rebolusyon sa masang Pilipino.

pwersa ng tanghalang bayan ay may mga prinsipal na gawaing pinagtutuunan.

Kasabay ng popularisasyon, nagsasagawa rin ang tanghalang bayan ng mga pagtatanghal na may relatibong mataas ang pamantayan na umaangkop sa depinidong manonood at lugar na matagal nang nakamit ang popularisasyon. Tinutukoy ng pagtataas ng pamantayan ang mataas na antas ng pagtalakay ng mga isyu, pag-unlad ng kasanayan ng mga nagtatanghal, at mula sa mga dati nang ginagamit na porma ay ang pagpasok ng mga bago.

Sa pagtataas ng pamantayan, umuunlad ang paggamit ng mga popular na porma tulad ng iskit, kumbinasyon ng iba't ibang porma, at paggamit ng mga tradisyunal at katutubong porma ng pagtatanghal. Lumalalim ang mga pagtatalakay sa mga paksang nauukol sa buhay ng masa sa pagpapakita ng iba't ibang aspeto ng buhay nila. Sa gayon, ang mga tauhan ay nagiging laman at dugo at di nalilimita sa mga "abstraktong bayani." Gayundin, sumasaklaw ang mga pinapaksa sa iba pang uri at sektor ng lipunan tulad ng petiburges, guro, pari't madre, at pambansang minorya.

Yumayaman ang tanghalang bayan sa pagpasok ng iba't ibang porma ng sining na itinatanghal, ito ma'y banyaga o mga tradisyunal at etnikong porma. Ang mga ito'y nagkakaroon ng bagong mensahe at kahulugan. Halimbawa nito ang balagtasang "Manahimik o Magrebolusyon?" na nagpapakita ng patulang tagisan ng magkatunggaling mga ideya. Kahawig din sa tagisan sa balagtasan, bagamat ito'y sinasayaw at kinakanta, ang mga anyong "ismayling" at "binisaynon" na laganap sa Samar. Ginagamit ito sa mga usaping tulad ng pagpupultaym sa hukbong bayan at papel ng kababaihan sa rebolusyon. Nagpapahayag na rin ng bagong nilalaman ang mga sayaw at sigaw (chanting) ng mga pambansang minorya. Maging ang mga tradisyunal na pagtatanghal na pangmahal-na-araw ay ginagamit upang ilarawan ang kasalukuyang kalagayan ng makahayop na paniniil.

Napayayaman din ng mga karanasan ang tanghalang bayan sa pag-angkop nito sa mahirap na mga kalagayan. Lumilikha ang masa ng mga itatanghal na ibinabatay nila sa lokal na kundisyon, na ang gaganap sa mga papel ay maaaring sila rin sa tunay na buhay. Kung gayon, nababawasan ang problema sa materyales at karakterisasyon. Para sa dagdag na makasining na prisintasyon, lumilikha sila ng iba't ibang paraan, tulad ng paggamit ng plaslayt na may takip na selopeyn para sa makilos at makulay na pag-iilaw.

Higit sa lahat, umunlad ang tanghalang bayan bilang isang kilusang masa na ang masa ay di lamang tagapanood kundi siya ring lumilikha at nagsisiganap sa tanghalan. Noong Rebolusyonaryong Sigwa ng 1970-72 ay sa hanay ng petiburges sa syudad nagmumula ang kalakhan ng pwersa ng tanghalang bayan. Pangunahing pwersa nang nagbabandila ng pangkulturang aktibidad na ito ang mga Pulang gerilya, mga manggagawa at magsasaka. Makikita ito sa patuloy na pagyabong ng mga pangkulturang grupo sa mga samahan ng magsasaka, mga militanteng unyon ng mga manggagawa, at asosasyon ng mga iskwater. Kung noon ay masasabing maunlad lamang ang tanghalang bayan sa mga kalunsuran, ang siglang ito ay lumaganap din sa kanayunan at dito'y hindi matatawaran ang ginampanang papel ng mga mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan.

Patuloy ang pagpapalitan ng kaalaman, karanasan at kasanayan ng mga ispesyalista't batayang pwersa ng tanghalang bayan. Nagpapalitan din sa pagitan ng iba't ibang rehiyon.

Sa bwelo ng pagsulong ng tanghalang bayan, kasabay na naitutulak ang pagpapaunlad sa mga aktor, aktres, direktor at iba pa. Dumarami rin ang napalilitaw at napapaunlad na mga mang-aawit, komposer, manunulat, magbibiswal, at iba pa. Masasabing ang tanghalang bayan ay gumaganap ng mahalagang papel sa kabuuang pagsusulong ng ating pagsisikap sa buong larangan ng sining at panitikan.

Itanghal ang rebolusyon! Itanghal ang umiigting na drama ng ating lipunan! Ito ang nagsisilbing tuluy-tuloy na tungkulin at hamon sa mga mapanlikhang pwersa ng tanghalang bayan. At sa pagsasakatuparan nito, ang bawat isa sa atin ay may ginagampanang papel. ●


ALIPIN!
SASABOG
PAGHUHUKOM!
ALYANSA



Martsa ng magsasaka, binuwag; 2 ang patay

Nagmasaker na naman ang pasistang rehimen noong Oktubre 21 sa Taft Avenue sa Maynila. Madugong sinupil nito ang pangwakas na aksyong protesta ng "Kampanya ng Magsasaka Laban sa Kahirapan at Gutom," ang limang araw na kampanya ng Kilusang Magbubukid sa Pilipinas (KMP) na nagsusulong ng anim na saligang kahilingan ng masang magsasaka sa kasalukuyan.

Naganap ang masaker isang buwan lamang matapos ang pagpatay sa 27 demonstrador sa Escalante, Negros Occidental, at ito ay sinalubong ng malawak na indignayon ng mamamayan. Malupit ding sinupil ang naunang kampanyang magsasaka, ang "Kampo ng Bayan na ginanap noong Pebrero sa harapan ng MPA.

Ang demonstrasyon noong Oktubre 21 ay dinaluhan ng mahigit 12,000 magbubukid, istudyante, taong-simbahan at propesyunal, at matatapos sana sa kalye Mendiola sa may Malakanyang. Ngunit ginulo ito ng mga bayarang impiltrador ng rehimen, na naghudyat naman sa mga pulis para lusubin ang mga demonstrador. Dalawang kabataan ang namatay at 18 ang malubhang nasugatan nang sagupain at pagbabarilin ng mga pulis ang may 5,000 demonstrador sa gawing dulo ng martsang nagmula sa embahada ng US at patungong Liwasang Bonifacio. Ang mga namatay na sina Emmanuel Lazo at Danilo Balgos, kapwa 19, mga myembro ng League of Filipino Students (LFS), at nag-aaral sa Gitnang Luson. Ayon sa panimulang ulat, may 77 magsasaka ang nawawala at ang karamihan sa kanila ay mga myembro ng AMGL.

Maraming indikasyon na planado ang paglusob ng mga pulis. Kabilang ang tyempo, laki ng pwersang sumagupa sa martsa, mga litrato sa pahayagan, testimonya ng mga nakasaksi, at ang pagtatapat ng mga impiltrador na nahuli sa hanay ng mga demonstrador isang araw bago ng aksyong protesta. Kinukumpirma ng insidente ang isang tuon ngayon ng reaksyonaryong estado na sumusubok sa selektibong pagmamasaker sa mga pakikibakang masa, lalo ng mga umaangat na ang antas.

Di nakapanlilinlang ang mga palusot ng rehimen. Nag-ibayo ang galit at protesta ng mamamayan sa tiranya ng pasistang rehimen. Nagrali ang LFS at mga organisasyon ng kababaihan sa harapan ng himpilan ng Western Police District sa Maynila at matapos ay nagmartsa sila sa Mendiola noong Oktubre 23. Humantong ang mga raling indignasyon sa martsang-libing ng dalawang martir na dinaluhan ng may 10,000 mamamayan.

Naglagay ang LFS sa lugar na kinalugmukan ng dalawang martir ng memorial marker na nagpapahayag ng kanilang kabayanihan. Ginawaran din sila ng posthumous awards ng LFS, Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN) at Kilusan para sa Kapangyarihan at Kalayaan ng Bayan (KAAKBAY).

Magpahanggang ngayon, tuluy-tuloy ang mga pagpapahayag ng indignasyon ng mga organisasyon ng mamamayan at nagmamalasakit na mga indibidwal na nagkokondena sa rehimen sa pagmamasaker nito sa Escalante at Taft Avenue. Ang mga ito'y pang-araw-araw na ambag sa antidiktadurang pakikibaka na lumalakas sa bawat araw na nagdaraan. ●

Mga grupong kababaihan, nagsama-sama sa rali

Humugos sa pusod ng Kamaynilaan ang may 2,500 kababaihan sa isang protestang martsa-rali noong Oktubre 28 laban sa rehimeng Marcos at panghihimasok ng US sa Pilipinas. Nagsama-sama sa protestang ito ang mahigit 50 organisasyon ng kababaihan na kumakatawan sa iba't ibang sektor at paninindigang pampulitika laban sa diktadura. Pinangunahan ito ng alyansang GABRIELA at ng mga organisasyong AWARE, KAAAKBAY, Teresa Makabayan at Concerned Women of the Philippines.

Ang Oktubre 28 ay inukit ng kababaihan sa kasaysayan ng kilusang masa bilang Araw ng Protesta ng Kababaihan. Sa araw na iyon noong 1983, nagmartsa ang 10,000 kababaihan sa mga lansangan ng Maynila upang usigin ang diktadura sa asasinasyon kay Benigno Aquino Jr. at sa iba pang krimen nito sa bayan. Iyon ang pinakamalaking rali ng kababaihan sa ilalim ng pasistang diktadura.

Sa demonstrasyong ito ng kababaihan ngayong 1985, sa kauna-unahang pagkakataon ay muling nagsama-sama sa iisang aksyong protesta ang mga antidiktadurang organisasyon ng kababaihan na sa nakaraang panahon ay nahati ng ilang sigalot at di pagkakaunawaan sa kanilang hanay.

Ang muling pagsama-sama ng iba't ibang organisasyon ay sinalamin ng iba't ibang kulay ng bandera sa martsa--pula, dilaw, puti, asul, rosas, kahel, khaki at iba pa. Naroon ang mga kababaihang kabilang sa mga myembrong organisasyon ng BAYAN at BANDILA, sa mga partidong pulitikal tulad ng Liberal Party at Humanist Party, at sa mga organisasyong independyente o walang inaaniban. Alinman ang kanilang mga organisasyon, nagkakaisa ang mga kababaihang naroroon--nanay man o madre, manggagawa o negosyante, guro o istudyante, propesyunal o walang hanapbuhay, matanda o kabataan--na patuloy na usigin ang diktadurang US-Marcos sa mga krimen nito sa bayan at laluna sa kababaihan.

Mula sa Manila Cathedral, dumaan ang mga nagmamartsa sa ilang pambansang tanggapan ng gubyerno at humantong sa tapat ng embahada ng US. Habang nagmamartsa, sumisigaw sila ng islogan, kumakanta at nagtatambol. Sa kanilang mga istrimer at plakard ay nakapinta ang mga krimen ng diktadura: masaker sa Escalante, masaker sa martsa ng magsasaka sa Taft Avenue, pagnanakaw sa yaman ng bayan, panghihimasok ng US sa Pilipinas, pagkapako ng sahod, restriksyon sa welga, demolisyon sa mga komunidad ng mga maralita, pagbebenta at pag-aalipusta sa kababaihan, at iba pa. Sa isang higanteng poster, nakapinta ang isang ina na taas-kamaong tumatangis sa duguan at nakahandusay na anak. Tampok sa lahat ang isang karosa na may lulang mga babaeng binihisan para kumatawan sa Inang Bayan at sa mga kaaway ng bayan.

Nailantad sa martsa ang malawak na saklaw ng mga isyu ng bayan sa paraang mapanlikha, masigla at makulay. Ang programa ng rali ay tinampukan ng mga pangkulturang pagtatanghal sa halip ng mga talumpati. Lumahok sa programa pati ang mga nanonood.

Kinabukasan, ihinabla ng pulisya ng Maynila ang mga lider ng kababaihan sa salang "pambabara sa trapiko" at "pagkakalat ng dumi." Sa pagtugon dito ng mga organisasyong kinabibilangan ng mga ihinabla, sinabi nilang handa silang harapin ang rehimen saanmang larangan ng labanan-- sa masmidya, sa korte o sa lansangan. ●





BALITA



Quezon

Sa pamamagitan ng paglalansi, matagumpay na naisagawa ng Bagong Hukbong Bayan ang isang reyd sa punonghimpilan ng INP sa munisipyo ng Sariaya, Quezon, nang hindi kinailangang magpaputok noong Setyembre 23.

Nagpusturang sundalo ng gubyerno ang mga Pulang gerilya na may kaladkad na "bihag" na gerilya, kayat hindi sila hinadlangan sa pagpasok sa munisipyo. Nasorpresa ang walong pulis sa kanilang punong-himpilan at di na nanlaban. Akmang dadamputin ng hepe ng pulisya ang kanyang M16, subalit hindi na rin niya tinuloy nang siya'y tutukan ng baril ng isang listong gerilya. Nakakumpiska ang BHB ng 11 malalakas na riple at kagamitang militar sa reyd na ito. ●

Kalatas

Bohol

Isang medyor ng PC at pito pang sundalong PC ang napatay ng Bagong Hukbong Bayan sa isang ambus sa Valencia, Bohol, noong Oktubre 13.

Ayon sa panimulang ulat na natanggap ng AB, natambangan si Medyor Richard Estrada, pangalawang kumander ng PC sa prubinsya, at mga tauhan niya, habang nakadyip na nagpapatrulya. Sinamsam ng hukbong bayan ang mga sandata ng kaaway at sinunog nila ang sasakyan. Tatlong sundalong PC ang sugatan at ang dalawa pa'y tumakbo. Pinawalan ng mga Pulang mandirigma ang mga sugatan matapos bigyan ng paunang lunas. ●

Petisyon

Naghapag ang Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN) sa United Nations Commission on Human Rights ng isang petisyon nitong Oktubre para kondenahin ang grabeng paglapastangan ng rehimeng Marcos sa mga karapatang-tao. Ihinapag ang petisyon sa Mga Bansang Nagkakaisa (UN) dahil imposibleng matamo ang katarungan mula sa mga korte sa Pilipinas sa kalagayang instrumento lang ang mga ito ng diktadura.

Tinukoy sa petisyon ang pinakahuling kaso ng pagmasaker sa mapayapang mga nagrarali--ang masaker sa Escalante, Negros Occidental--na may pinakamalaking bilang ng namatay (di kukulangin sa 27) sa kasaysayan ng pagsupil sa mga mapayapang demonstrasyon mula nang matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Ang iba pang kaso ng pag-abuso sa karapatang-tao na tinukoy sa petisyon ay ang patuloy na pagkakakulong ng tatlong abugadong lider ng BAYAN sa Mindanaw sa kabila ng kautusan ng Korte Suprema na pawalan sila; ang pagdukot kay Padre Rudy Romano sa Cebu; ang pagpugot kina Padre Nilo Valerio, Resteta Fernandez at Soledad Salvador sa Benguet; at ang marahas na pagpapatalsik sa mga naninirahan sa komunidad ng mga maralita, tulad ng nangyari sa Tatalon, Quezon City, na may namatay na mga kabataan dahil namaril ang mga sundalo ng gubyerno.

Sa petisyon, nanawagan ang BAYAN sa UN na gawaran ang rehimeng Marcos ng kaukulang parusa, igiit sa gubyerno na bayaran ang mga biktima ng paglapastangan ng karapatang-tao, at himukin ang mga kasaping bansa na pagkaitan ang gubyernong Marcos ng suporta at tulong, laluna ng tulong militar. ●

MARTYR

Inilunsad noong Oktubre 26 ang Mothers and Relatives Against Tyranny (MARTYR), isang organisasyon ng mga kamag-anak at kaibigan ng mga nasawi sa pakikibaka sa diktadurang US-Marcos. Ang kapulungan ng paglulunsad nito ay dinaluhan ng may 200 kamag-anak at kaibigan ng mga pinatay ng reaksyonaryong militar mula 1970 hanggang kasalukuyan.

Ang pag-oorganisa ng MARTYR ay sinimulan ng may 50 ina at kamag-anak ng mga martir na nakabase sa Metro Manila. Inaasahan nilang mabilis itong lalago sa pag-ugnay sa iba pang ina at kamag-anak ng libu-libong mga martir sa pambansang saklaw.

Ang pangunahing layunin ng organisasyon ay: magpursiging kamtin ang katarungan para sa mga pinatay ng mga berdugo ng rehimen at alamin ang sinapit ng mga nawawala (na karamihan ay dinukot ng reaksyonaryong militar); kunin ang aktibong suporta ng mga tao sa pagprotesta sa mabibigat na krimen ng diktadura; suportahan at tulungan ang mga pamilya ng mga martir; makiisa sa iba pang mga organisasyon sa mga aktibidad na makakatulong sa sambayanang Pilipino; at ilinaw sa bayan ang mga simulaing ipinaglaban ng mga martir at patuloy na itaguyod ang mga simulaing ito. ●

'Diakonia'

Sa kauna-unahang pagkakataon, isang organisasyong nagtataguyod ng mga karapatang-tao sa Pilipinas ang binigyan ng gantimpalang parangal ng isang institusyon sa ibayong-dagat. Ang Diakonia Peace Prize ng 1985-86 ay ipinagkaloob ng Swedish Free Church Aid sa Kapisanan para sa Pagpapalaya at Amnestiya ng mga Detenido sa Pilipinas (KAPATID) sa isang seremonya sa Quezon City noong Oktubre 25.

Kinilala nito ang KAPATID bilang "isang organisasyong...nagtataguyod sa dignidad at karapatang-tao sa pamamagitan ng pagtatanggol sa mga biktima ng maling paggamit sa kapangyarihan." Ang KAPATID ay itinatag noong 1978 bilang organisasyon ng mga kamag-anakan at kaibigan ng mga detenidong pulitikal. Ang tinanggap nitong halagang katumbas ng P110,000 sa pera ng Sweden, bilang bahagi ng parangal, ay makatutulong nang malaki sa mga proyekto nito.

Naunang binigyan ng ganitong parangal si Arsobispo Oscar Romero ng El Salvador, si Rev. Bayers Naude ng South Africa, ang Serbisyo para sa Katarungan at Kapayapaan ng Uruguay, at ang Pambansang Konseho ng mga Simbahan sa Korea.

Samantala, ang Task Force Detainees of the Philippines (TFD), na nagtataguyod ng karapatan at kapakanan ng mga detenido mula noong 1974, ay nagkamit ng nominasyon para sa Nobel Peace Prize ng 1986.

Iginawad ang parangal sa KAPATID at nominasyon sa TFD sa gitna ng lumalakas na pagkabahala ng mga kaibigang mamamayan ng dumaraming bayan sa daigdig kaugnay ng papatinding pampulitikang paninikil sa mamamayang Pilipino. ●

INTERNASYONAL

Hilagang Amerika
Europa
Asya
EL SALVADOR
Aprika
KAMPUCHEA
Amerikang Latina
PILIPINAS

El Salvador

Kapalit ng pagpapakawala sa 36 anyos na anak ni Presidente Napoleon Duarte ng El Salvador, at 23 meyor sa iba't ibang munisipalidad na binihag ng mga rebolusyonaryong pwersa, pinawalan ni Duarte ang 21 nakakulong na geriliya at hinayaang makalabas ng El Salvador ang 100 sugatang geriliya.

Itinuring ng mga geriliya na malaking tagumpay ito sa pakikibaka nila para sa karapatang-tao. Pinuna naman ng reaksyonaryong militar ng El Salvador ang pagpayag ni Duarte sa pakikipagpalitan.

Dalawang araw pagkaraan nito, binihag ng mga rebolusyonaryong pwersa ang isang koronel ng Air Force ng El Salvador.

Samantala, nireyd ng mga geriliya ang isang kampo ng pagsasanay ng reaksyonaryong hukbo ng El Salvador noong ikalimang anibersaryo ng pagkakatatag ng koalisyon ng mga rebolusyonaryong pwersa doon--ang Prenteng Farabundo Marti para sa Pambansang Kalayaan (FMLN). Karamihan ng mga sundalo ay natutulog pa nang salakayin ng 300 geriliya ang kampong ito sa prubinsya ng La Union. Namatay ang 42 sundalo ng gubyerno at mahigit 60 ang nasugatan sa reyd. Sampu naman ang namatay sa panig ng mga geriliya. ●

Kampuchea

Sa isang resolusyong pinagbotohan nitong Nobyembre, muling nanawagan ang Pangkalahatang Kapulungan ng Mga Bansang Nagkakaisa (UN) na lisanin ng lahat ng dayuhang tropa ang Kampuchea. Ang 114 na boto para sa resolusyon (21 ang kontra at 16 ang di bumoto) ay pinakamalaki sa loob ng pitong taong botohan sa ganitong resolusyon.

Ang Kampuchea ay okupado ng mga tropa ng Vietnam mula pa noong Disyembre 1978. Nakikibaka ang mamamayan ng Kampuchea, sa ilalim ng Gubyernong Koalisyon ng Demokratikong Kampuchea, laban sa okupasyong ito ng mga dayuhang tropa at para sa kasarinlan at demokrasya.

Ang gubyernong koalisyon ay pinamumunuan ni Norodom Sihanouk, na siya ring pinuno ng delegasyon ng Demokratikong Kampuchea sa UN. Ang pangunahing pwersang lumalaban sa mga tropa ng Vietnam ay ang Khmer Rouge, sandatahang pwersa ng Partido Komunista ng Kampuchea. ●

Pinansya at kalusugan

Napapanahon ang artikulo ng AB nitong nakaraang Oktubre tungkol sa simpleng pamumuhay at puspusang pakikibaka, laluna kung isaalang-alang ang antas na naabot na ng ating rebolusyonaryong pakikibaka at ang mga pangangailangan sa partikular na yugtong ito ng pakikibaka. May ilang bagay lang akong nais linawin. Una, ang simpleng pamumuhay ay nangangahulugan din ng mahusay na kalusugan at nutrisyon. Pangalawa, sa ating pagkukwenta sa mga gastusin, hindi tayo dapat magpalimita sa aspetong pinansyal nito kundi maging mas kumprehensibo.

Magpapaliwanag ako.

Sa mga natukoy na "modelo" ng simpleng pamumuhay, napansin kong kakaunti ang tinutustos para sa pagkain. Wasto rin naman ito at ang prinsipyong nasa likod nito tulad ng inililinaw sa artikulo. Iyon nga lang, napansin ko ring tuyo at daing ang regular na inuulam ng ating mga mandirigma. Ang karaniwang kinakain ng masa at mga kasama ay kulang sa protina. Sa ilang lugar, ang ating mga mandirigma ay umiinom ng tubig na hindi pinakulo. Naobserbahan ko rin sa Mindanaw na hindi nakagawiang pagkain ng masa at ilang kasama ang ilang tanim sa kanilang kapaligiran, mga tanim na kinakain sa Hilaga at tunay namang masustansya.

Kumakatig sa mga obserbasyon ko ang sinabi ng isang medikong kilala ko na ang pinakaseryosong kasong ginagamot nila ay hindi pa sugat sa bala kundi mga sakit na nauugat sa kakulangan ng nutrisyon at sa mga sakit na nakukuha sa tubig. Maski sa kalagayang hirap tayo, dapat pa rin nating bigyang-pansin ang nutrisyon at kalusugan habang pinauunlad ang rebolusyonaryong istilo ng pamumuhay. Ang mga kasamang kulang sa protina at sobra sa asin ay manghihina at mahihirapang gumanap ng mabibigat na tungkulin.

Tumutungo ito sa ikalawa kong punto. Wasto lamang na magtipid tayo sa gastusin para sa pagkain upang matugunan ang iba pang importanteng pangangailangan. Pero sana, sa mas mataas na antas ay maging mas kumprehensibo ang ating pagkukwenta sa mga gastusin. Halimbawa, sa ilang kaso, kung ating pinababayaan ang nutrisyon at kalusugan, paglao'y mas malaki pa ang ating gagastusin. Sa karanasan ko, may mga kasamang nagpapabaya sa pagkain at kalusugan. Sa kanilang determinasyon na tapusin ang nakalaang trabaho, nagkakasakit naman sila at ito ay nauuwi sa mas malaki pang panustos para sa gamot at pagpapaospital. Nanghihinayang tuloy sila sa panahong nasayang dahil hindi makaganap ng trabaho habang may sakit o nasa ospital.

Sa tingin ko, isang bahagi ito ng simpleng pamumuhay na dapat nating pag-isipan.

Ang aking huling punto ay kaugnay ng pagiging masinop sa ating mga gawain na nangangahulugan din ng pagtitipid. May mga institusyon at organisasyon na nakapagpaunlad na ng simpleng teknolohiya ng paggagawa ng protein meal na nasa maliliit na pakete at madaling dalhin. Ito ay kondentrado at ginagamit na parang "betsin." Naghalo lang ng kaunti sa lugaw, nagbibigay na ng sapat na protinang kailangan ng tao sa araw-araw. Malaki ang potensyal nito para sa ating mga mandirigma. Iniaalok na ito sa mga kasama pero hindi naasikaso dahil "abalang-abala" sila. Mukhang hindi pa ito nakakaabot sa ating mga baseng gerilya.

Sana'y mag-ukol tayo ng panahon para sa mga bagay na katulad nito nang mas mabilis na nalulutas ang ilang problema natin sa lohistika.

Ka Jamilul

* * *